

# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA PAGPAPATUPAD NG IMIGRASYON AT ADWANA, (ICE)

## IPAALAM SA IYONG ANAK NA GAWIN ANG SUMUSUNOD

Kung makasalubong ng mga kabataan ang ahente ng ICE sa pampublikong lugar:

- Bago magsabi ng kahit na ano, palaging tanungin na “Am I free to go?” (Pwede na ba akong makaalis?)
  - Kung ang sagot ay “oo,” maglakad na palayo.
  - Kung ang sagot ay “hindi,” huwag sumagot ng anumang tanong at humiling ng abogado.

Kung kakatok sa iyong pintuan ang isang ahente ng ICE:

- Huwag buksan ang pintuan maliban kung ang ahente ay may warrant na mayroong pirma ng hukom (at hindi ng ahente ng ICE).
- MAHINAHON na humiling sa ahente na ilusot ang warrant sa ilalim ng pinto kung sinasabi nila na mayroon sila nito.

Kung inaresto ng ahente ng ICE ang mga kabataan:

- Humiling na makipag-usap sa isang abogado.
- Huwag sumagot ng anumang tanong.
- Huwag pumirma sa anuman dokumento kung wala kang kasamang abogado.
- Huwag magsinungaling o magpakita ng mga pekeng dokumento.

### Mga makatutulong na mapagkukunan

- Asian Law Caucus (Pangkat ukol sa Batas para sa Asyano): (415)896-1701
- Legal Services for Children (Mga Legal na Serbisyo para sa Mga Bata): (415) 863-3762
- S.F. Public Defender's Office (Tanggapan ng Tagapagtanggol ng Publiko ng S.F.):(415)753-7601
- S.F. Numero para sa Raid Rapid Response (Mabilis na Pagtugon sa Raid) ng S.F Immigrant Legal & Education Network (SLILEN): (415) 200-1548  
<http://sfilen.org/resources/sf-rapid-response-network/>.

## PAANO KUNG HINDI MARUNONG MAGSALITA NG INGLÉS ANG ISANG KABATAAN

- Mayroon silang karapatan na makipag-usap sa pulis sa kanilang sariling wika.
- Maaari rin silang humiling sa isang bilingguwal na opisyal o isang interpreter kung hindi sila komportableng magsalita ng Ingles.

## PARA SA KANILANG KALIGTASAN

### IPAALAM SA MGA KABATAAN NA GAWIN ANG MGA SUMUSUNOD

#### PANATILIHING NAKIKITA ANG IYONG MGA KAMAY

- Maaaring isipin ng opisyal na mayroon kang sandata kung nabigo itong gawin
- Kung ikaw ay nasa loob ng kotse, HUWAG abutin ang kahit na ano nang hindi muna nagsasabi at nagtatanong sa opisyal

#### SUMUNOD SA MGA DIREKSIYON

- HUWAG TUMAKBO
- HUWAG GUMALAW PABIGLA-BIGLA NANG HINDI HUMIHINGI NG PAHINTULOT MULA SA OPISYAL.
- HUWAG KAILANMAN HAMPASIN O ITULAK ANG OPISYAL

#### MANATILING KALMADO

- Makakatulong ang pagiging kalmado para maalala mo ang mga detalye ng iyong engkuwentro sa pulisya sa kalaunan (tulad ng paglalarawan ng opisyal o testigo, numero ng badge (tsapa) ng opisyal).  
Lubos na mahalagang maalala ang mga detalye ng ito kung naramdaman mo na nilabag ang iyong mga karapatan at nais mong maghain ng reklamo.

Ang pagkabigong sumunod sa mga direksiyon ng opisyal ay maaaring magdulot ng iyong pagkaaresto o ilagay sa panganib ang iyong kaligtasan. Hindi ito ang panahon upang kalabanin ang opisyal. Kalaunan, maaari kang maghain ng reklamo tungkol sa iyong interaksyon sa Department of Police Accountability (Departamento para sa Pananagutan ng Pulisya, DPA). Ang DPA ay isang independiyenteng ahensiya ng lungsod na magiimbestiga sa iyong reklamo.



The Department of Police Accountability (DPA)  
1 So. Van Ness Ave. 8th Flr. San Francisco, CA 94103  
Tel: (415) 241 - 7711 | Fax: (415) 241 - 7733  
TTY: (415) 241 - 7770  
Website: <http://sfgov.org/dpa/>  
Twitter: @SF\_DPA

# ALAMIN ANG IYONG KARAPATAN BILANG KABATAAN SA SAN FRANCISCO

## GABAY PARA SA MGA KABATAAN AT MGA MAGULANG



Nakuha ng SF Youth Commission ang Mga Pahintulot para sa paggamit ng Litrato (Copyright-Permissions)

Para sa mga MENOR DE-EDAD (mga indibidwal na wala pang 18 taong gulang) na kinulong, inaresto, o inilagay sa pangangalagang pangkaligtasan, kinakailangan ng SFPD na sundin ang Department General Order (Pangkalahatang Utos ng Departamento) 7.01. Binibigyang-diin ng brochure na ito ang mga mahalagang karapatan na mayroon ang mga kabataan at ang mga aksiyong ipinapayong isagawa sa engkuwentro sa pulisya.

Maaari mong basahin ang DGO 7.01 ng SFPD sa  
<http://sanfranciscopolice.org/sites/default/files/FileCenter/Documents/14752-DGO7.01.pdf>

# PAANO KUNG PINATIGIL AT HINARANG ANG MGA KABATAAN SA KALYE

Mayroong dalawang uri ng mga engkuwentro sa mga pulis-- **CONSENSUAL CONTACT** (may pahintulot na pagtatagpo) at **DETENSIYON**--depende kung nagsususpetsa ang opisyal ng kapulisan na ang isang kabataan ay nasasangkot sa isang krimen.

## CONSENSUAL CONTACT (MAY PAHINTULOT NA PAGTATAGPO)

Ang consensual contact ay isang engkuwentro sa pulis kung saan ang mga kabataan ay **MALAYANG MAKAKAALIS** sa anumang oras.

### IPAALAM SA MGA KABATAAN NA GAWIN ANG MGA SUMUSUNOD

Una, palaging tanungin ang opisyal "Am I free to go? (Pwede na ba akong makaalis?)"

- Kung ang sagot ay "oo", maglakad na palayo.
- Kung ang sagot ay "hindi," ang pagengkuwentro sa pulis ay isang detensiyon.

## DETENSIYON

Kung naniniwala ang opisyal na ang mga kabataan ay sangkot sa kriminal na aktibidad, maaaring pansamantalang "pigilin ang kalayaan" ng mga kabataan habang nagsisiyasat ang opisyal. Hindi malayang makakaalis ang kabataan sa panahon ng isang detensiyon. Kung hindi makukumpirma ng opisyal ang kaniyang suspetsa, malayang makakaalis ang mga kabataan.

## Karaniwang maikli at tatagal ng kaunting minuto lamang ang mga detensiyon.

Hindi kailangan sabihin ng pulis sa mga kabataan ang Miranda rights sa panahon ng isang detensiyon. Maaaring makatulong ang pagsagot sa mga tanong sa panahon ng detensiyon sa mabilis na pagpapalaya ng mga kabataan. Gayunpaman, ang mga sasabihin ng mga kabataan sa panahon ng detensiyon ay maaaring magamit laban sa kanila.

## PAGKAKAPKAP

Kung pinagsususpetsahan ng pulis na may sandata o mapanganib ang mga kabataan, maaari siyang:

- magkapkap ng damit
- maghanap ng sandata

## INAATAS NG SFPD DGO 7.01 na ang mga kabataan ay kapkapan ng opisyal na may parehong kasarian.

Kung kakapkan na ang mga kabataan ng opisyal na may kasalungat na kasarian, ipaalam sa kanila na mahinahong sabihing "I would like to be searched by an officer of my gender. (Gusto kong isang opisyal na may parehong kasarian ang magkapkap sa akin.)"

# ANO ANG MANGYAYARI KUNG NAARESTO ANG MGA KABATAAN

Sa pangkalahatan, kailangan na dalhin ng SFPD ang kabataan sa Community Assessment and Referral Center (Sentro para sa Pagtatasa at Pagsangguni ng Komunidad, CARC) o sa Juvenile Justice Center (Sentro para sa Hustisyang Pangkabataan). Hindi dapat na dalhin ng SFPD ang mga kabataan sa estasyon ng pulis maliban kapag mayroong emergency.

- Mayroong karapatan ang mga kabataan na tumawag nang dalawang beses para makausap ang magulang, tagapangalaga, at/o abogado sa loob ng 1 oras mula kustodiya.
- Bago ang pormal na pagtatanong, kailangang ipagbigay-alam ng pulis sa mga kabataan ang kanilang Miranda Rights at magbigay ng pagsangguni sa kabataan kasama ang legal na tagapayo. Maaari lamang kuwestiyunin ng pulis ang mga kabataan kapag isinuko nila ang kanilang Miranda Rights. Maaaring pumili ang mga kabataan na kuwestiyunin o hindi kuwestiyunin nang may kasamang abogado.
- Inaatang ng DGO 7.01 ng SFPD sa mga opisyal na ipagbigay-alam sa mga kabataan na ang magulang/legal na tagapangalaga ay maaaring dumalo sa interogasyon. Kailangang hilingin ng mga kabataan ang presensiya ng kanilang magulang.

## MGA KARAPATAN NG MGA NAGMAMASID

\*Ibinibigay ng San Francisco Police Department ang sumusunod na mga karapatan ng nagmamamasid sa pamamagitan ng DGO 5.07

Bilang nagmamamasid, mayroon kang karapatan na

- Obserbahan ang mga pagtitigil, detensiyon, pag-aresto
- Makinig sa mga pag-uusap
- Magtanong
- Mag-rekord (video o audio) ng mga pagtatagpong sangkot ang mga opisyal

# PAGKATAPOS NG PAG-ARESTO, PAANO KUNG GUSTO NG OPISYAL NG KAPULISAN NA KUWESTIYUNIN ANG IYONG ANAK

May bisa mula 2019, kung ikaw ay 17 taong gulang o mas bata pa, at nasa kustodiya, inaatang ng ordinansa sa San Francisco na sumangguni ang mga kabataan sa legal na tagapayo bago ang pagtatalikda sa anumang sa Miranda rights. Hindi maaaring talikdan ang pagsasangguni sa legal na tagapayo na ito. Hinihingi rin ng ordinansa sa SFPD na pahintulutan ang mga kabataang may edad na 17 taong gulang o pababa na mayroong magulang, legal na tagapangalaga, o responsableng may-edad na manatili sa interogasyong kustodyal.

Pinoprotektahan ka ng Miranda Rights sa panahon ng pagkukuwestiyon ng pulis. Kinakailangan ng pulis na sabihin sa iyo: "Mayroon kang karapatan na manatiling tahimik. Ang anumang sasabihin mo ay maaaring gamitin laban sa iyo. Mayroon kang karapatan na magkaroon ng abogado sa anumang interogasyon ng pulisya, at karapatan na magkaroon ng abogado nang libre kung hindi mo ito kayang bayaran."

Ang Tanggapan ng Tagapagtanggol ng Publiko ng San Francisco ay mayroong handang abogado para sa mga kabataan 24/7. Hilingin sa pulis na tumawag sa (415)-583-2773.

Inaatang sa California Welfare and Institutions Code § 625.6 (Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon ng California § 625.6) na makipag-usap sa isang abogado ang mga kabataang may edad na 15 taong gulang o pababa bago kuwestiyunin ng pulis.

- Palaging inirerekomenda na humiling ng abogado.
- Sabihin sa pulis "I DO NOT WAIVE MY MIRANDA RIGHTS. (Hindi ko tinatalikdan ang aking Miranda Rights.) I WANT TO REMAIN SILENT AND I WANT AN ATTORNEY. (Gusto kong manatiling tahimik at gusto ko ng abogado.)"

## PAHINTULOT

Kung magbibigay ng pahintulot ang mga kabataan, maaaring humalughog ng ari-arian ang pulis nang walang pagsuspetsa.

Kapag nagtatanong ang pulis "do you mind if I search you/ your car/ your home (pwede ba kitang kapkapan/pwede ko bang halughugin ang iyong kotse/ ang iyong bahay)," humihiling sila ng iyong pahintulot.

Ang anumang mahahanap ng opisyal sa may pahintulot na paghahanap ay maaaring gamitin laban sa mga kabataan. Kung hindi mo gustong magbigay ng pahintulot, MAHINAHONG sabihin na "I do not consent to a search. (Hindi ako nagbibigay ng pahintulot para sa pagkapkap o paghalughog.)"